# Subukan ang Pagsasanay sa Paglalakbay ng Pierce Transit!



## Custom na mga Pagsasanay

Ang Pagsasanay sa Paglalakbay ay isang **libreng serbisyo** para sa mga indibidwal na may mga kapansanan at nakatatanda na gustong maranasan ang kalayaan ng malayang paglalakbay sa pamamagitan ng paggamit ng pampublikong sasakyan.

Ang serbisyong ito ay iniayon sa iyong mga personal na pangangailangan at interes. Ang aming mga eksperyensyado at magiliw na tagapagsanay ay makakatulong sa iyo sa pamamagitan ng pag-aalok ng:

**IIndibidwal na Pagsasanay:**
One-on-one na pagsasanay para paunlarin ang mga kasanayan sa pagsakay ng bus.

**Grupong Pagsasanay:**
Pagpresenta at praktikal na karanasan sa paggamit ng pampublikong transportasyon para sa mga grupo.

**Oryentasyon ng Grupo at Pang-edukasyon na Outreach:**
Pangunahing panimula sa sistema ng sasakyan para sa pagbuo ng mga kasanayan sa pampublikong transportasyon.

**Power Mobility Device:**
Susuriin ng mga tagapagsanay kung ang iyong tulong sa mobility ay kasya sa bus, at magbibigay ng tulong sa mga diskarte sa pagsakay.

## Ang aming mga eksperyensyadong tagapagsanay ay tuturuan kayo kung paano:

- planuhin ang inyong paglalakbay sa espesipikong destinasyon gamit ang pinakamadali at pinakaligtas na ruta
- basahin at unawain ang mga mapa ng ruta at mga iskedyul
- kilalanin ang mga numero ng bus, mga hintuan at landmark
- maglakbay papunta o pabalik sa mga hintuan ng bus
- sumakay sa bus gamit ang isang mobility device
- gumamit ng pagplano sa online na paglalakbay
- magbayad ng mga pamasahe at bumili ng mga pass
- hanapin at lumipat sa iba pang mga bus
- alamin kung saan at paano ligtas na tumawid sa kalsada
- maglakbay ng ligtas at may kumpiyansa gamit ang bus

PierceTransit
Connecting you with life

**TUMAWAG PARA MAG-ENROLL NGAYON!**

**253.984.8208 | PierceTransit.org**

TAGALOG-Hulyo 2023